**Tala: 1**

Alzheimer's Disease(includes abstract) Carson-DeWitt R; Megerian JT; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, February 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052432

Abstract: Ang Alzheimer's disease ang pinaka-karaniwang sanhi ng dementia . Ito ay lumalalang kondisyon na sumisira sa mga selula sa utak. Ang mga taong may Alzheimer's disease ay dahan-dahang nawawalan ng kakayahang matuto, gumanap sa tungkulin, at matandaan ang mga bagay-bagay.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Alzheimer's Disease

**(Alzheimer's Dementia)**


ni: Rosalyn Carson-DeWitt, MD

[View English Version]

## Kahulugan

Ang Alzheimer's disease ang pinaka-karaniwang sanhi ng dementia . Ito ay lumalalang kondisyon na sumisira sa mga selula sa utak. Ang mga taong may Alzheimer's disease ay dahan-dahang nawawalan ng kakayahang matuto, gumanap sa tungkulin, at matandaan ang mga bagay-bagay.

**Mga Bahagi ng Utak na Inaapektuhan ng Alzheimer's Disease**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Ang sanhi ng Alzheimer's disease ay hindi pa nalalaman. Iminumungkahi ng mga pag-aaral na maaaring humantong ang dalawang mekanismo sa klinikal na anyo ng sakit:

- Plaques—di-normal na mga deposito ng isang sustansiyang tinatawag na beta amyloid sa iba't ibang bahagi ng utak.
- Neurofibrillary tangles—balubaluktot na fibers sa loob ng nerve cells

## Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay nagpapataas sa iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Edad: 65 at mas matanda

- Nauna nang seryoso, traumatic na pinsala sa utak
- Mas mababang antas ng edukasyon
- Down's syndrome
- Down's syndrome sa first-degree na kamag-anak
- Mga babaeng mas bata sa 35 na nanganak ng batang may Down's syndrome
- Paninigarilyo
- Kasaysayan sa pamilya ng Alzheimer's disease
- Pagkakaroon ng isang uri ng apolipoprotein (APOE-e4)
- Labis na pagkalungkot
- Dumaming homocysteine
- Sakit sa puso

Pinag-aaralan ng mga mananaliksik ang sumusunod upang malaman kung may kaugnayan sila sa Alzheimer's disease:

- Kulang na nutrisyon at kakulangan sa bitamina sa kabataan
- Pagkakalantad sa electromagnetic fields
- Sobrang metal sa dugo, lalo na ang zinc, copper, aluminum, at iron
- Ilang mga impeksiyong dulot ng virus
- Diabetes
- Mataas na Cholesterol

## Sintomas

Nagsisimula ang sakit bilang katamtamang paghina ng memorya ngunit nagiging malalang pagkawala ng memorya at pagganap sa tungkulin. Nahahati ang Alzheimer's disease sa tatlong yugto:

- Una
- Panggitna
- Malala

Kasama sa mga sintomas ang:

- Paglala ng problemang tandaan ang mga bagay, gaya ng
  - Paano pumunta sa mga nakasanayang lugar
  - Mga pangalan ng mga kaibigan at mga miyembro ng pamilya
  - Saan nakatago ang mga karaniwang bagay
  - Simpleng matematika
  - Paano isagawa ang mga gawain (halimbawa, pagluluto, pananamit, panliligo)
- Kahirapang ituon ang isip sa mga gawain
- Kahirapang kumpletuhin ang mga pangungusap dahil sa kawalan o nakalimutang mga salita (lumalala sa ganap na kawalang kakayahang magsalita)
- Kahirapan sa mga pang-araw-araw na gawain gaya ng pagbabayad ng bill at pamamahala sa bahay
- Kawalang kakayahang tandaan ang petsa, oras ng araw, at panahon
- Pababago-bagong pakiramdam
- Paglayo, kawalan ng interes sa mga karaniwang gawain
- Mabagal, pahilahod na lakad
- Mahinang koordinasyon
- Kabagalan at pagkatapos ay pagkawala ng mapursiging paggalaw

## Pagsuri

Walang mga pagsusuri upang tumpak na masuri ang Alzheimer's disease. Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Magtatanong ang doktor ng maraming mga katanungan upang alisin sa pagdududa ang ibang mga sanhi.

Maaaring kabilang sa mga pagsusuri upang alisin sa pagdududa ang ibang mga kondisyong medikal ang:

- Neurological exam
- Pagsusuri sa kalagayang sikolohikal at kalagayan ng pag-iisip
- CT scan —isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng utak
- MRI scan —isang pagsusuring gumagamit ng magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng utak
- Electroencephalogram (EEG) —isang pagsusuring sumusukat sa mga kuryente sa utak
- Mga pagsusuri sa dugo at ihi
- Lumbar puncture —upang suriin ang dami ng ilang mga protina sa utak na tumataas kapag may Alzheimer's disease at upang alisin sa pagdududa ang ibang mga karamdaman

**Paggamot**

Walang mga paggamot upang pagalingin ang Alzheimer's disease at walang tiyak na mga paraan upang pabagalin ang paglala nito. Apat na mga gamot ang nakatanggap ng pag-aproba ng US Food and Drug Administration para sa paggamot ng ilang mga sintomas ng Alzheimer's dementia. Pinag-aaralan ang iba't ibang mga gamot upang malaman kung matutulungan nila ang mga sintomas o pabagalin ang paglala nito.

## Mga Gamot para sa Mga Sintomas at Paglala ng Sakit

Kabilang sa mga gamot na ginagamit at pinag-aaralan ang:

- Cholinesterase inhibitors (halimbawa, donepezil , rivastigmine , galantamine )
- NMDA receptor antagonist (halimbawa, memantine )
- Antioxidants (halimbawa, bitamina E)
- Estrogen
- Mga gamot kontra pamamaga
- Ginkgo biloba (halamang-gamot)

## Pangangasiwa sa Pamumuhay

Kabilang sa pangangasiwa sa sakit ang:

- Pagbuo ng kapaligiran kung saan ka makakatanggap ng pangangalagang kailangan mo
- Pakinabangan nang husto ang kalidad ng iyong buhay
- Pagpapanatiling ligtas ang iyong sarili
- Pagtulong sa iyong sariling pag-aralang harapin ang pagkaunsyami sa iyong di-makontrol na pag-uugali
- Pagbibigay ng kalmado, tahimik, nahuhulaang kapaligiran
- Pagbibigay ng naaangkop na salamin sa mata at hearing aids, madaling-basahing mga orasan at mga kalendaryo
- Pagpapatugtog ng banayad na musika
- Magaan, naaangkop na ehersisyo upang bawasan ang pagkabalisa at maibsan ang labis na pagkalungkot
- Paghimok sa pamilya at malapit na mga kaibigang bumisita nang madalas

## Mga Psychiatric na Gamot

Kabilang sa mga gamot sa mga psychiatric na sintomas na maaaring mangyari kasama ng Alzheimer's disease ang:

- Antidepressants—upang gamutin ang labis na pagkalungkot
- Anxiolytics—upang gamutin ang pagkabalisa
- Antipsychotics—upang gamutin ang malalang kalituhan, paranoia, at mga kahibangan

## Suporta ng Nangangalaga sa Kalusugan

Lubhang mahirap at nakakapagod ang mag-alaga ng taong may Alzheimer's disease. Kailangan ng pangunahing tagapag-alaga ng suportang emosyonal, pati na ang regular respite.

**Pag-iwas**
Walang mga patnubay sa pag-iwas sa Alzheimer's disease dahil hindi nalalaman ang sanhi nito.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. February 2008
**Numero ng Item:** 2010052432